



Class 499.211 No. B28

no. 191L

Presented by V. 21

H. H. BARTLETT COLLECTION  
ON THE PHILIPPINES NO: 191L V. 21





ANG PINAGDAANANG BUHAY  
NANG PRINCESA

ADRIANA

sa

KABARIANG ANTIOQUIA

AT NANG PRINCIPE


PANTI-

NOBLE

sa

IMPERIONG

FRANCIA.



Ca. 1920



ANG PINAGDAANAG BUHAY

NANG

# Princesa Adriana

SA KAHARIANG ANTIOQUIA

AT NANG

PRINCIPE PANTENOPE

SA IMPERIONG FRANCIA.

O Dios na Poon gumawa't lumalang  
nang binilog-bilog nang mundong kalakhan,  
sa kabagsikan mo'y doon nananangan  
yating alipin mo na lupang katawan.

Ang pagnanasa ko ay malakinglubha  
sa iyong saklolo at ganap na awa,  
umid na dila ko'y nang hindi malisya  
sabing bibitiwan na munting salita.

Na sa inyo namang pantas na pinuno  
m a magulang kong pantas na magturo,  
ang libák at pula inyo nang itago  
tawad ang hingi ko kung ako'y maliko.

Kayo'y siyang pinid at kutang matibay  
morrión at manopla na hindi tatablan,

mangá matá ninyo na nagsisitanghal  
daig ang palasóng di mapag-iwasan.

Aking pupunuan yamang narito na  
kamtan ko ma'y libák alintanahin na,  
ang pagpaparonan ko'y wika ni Séneca  
ang kapangahasa'y bungá nang pag-asa.

Nang unang panahon sa Anticquiáng reino  
emperador doon sabi nga'y ganito,  
dalawang dalaga anak baga nito  
kapuwa butihin ganda'y di magkano

Bago ko sabihin mangá kagandahan  
ang turan ko muna ang mangá pangalan,  
si Doña Adrialá anak na panganay  
at si Doña Juana ay ang kabunsihan.

Angdalawang ito'y sabihin pa baga  
aymaraming lubha ang nangangasawa,  
Araw, Buwan, Tala ang siyang kapara  
naging sulat tanglaw sa buong Antioquia.

Sabihin pa baga mangá karikitan  
nitong megkapatid bakit anak mahal,  
di kawang dami nang nangaglalakbay  
pangangasawa nga ang sadya at pakay.

Ito nang Adriana ay lalong-lalo pa  
labis ang karikitan sa kay Doña Juana,  
at sa katapangang perang amasona  
daig ang lalaking humamok sa gnera.

Sa alin mang kampo kung makipaglaban  
kanya ang victoria at buong tagumpay.  
ang mangá principet kabalyerong tanan  
ay walang manalo sa prinsesang mahal.

Bakit ang isa pang ipinangangamba  
nang mangá principet kabalverong iba,  
prinsesa Adriana tantong enkantada  
na ipinamana niyong reinang ina.

At kay Doña Juana ang pamara naman singsing na may vertud na iginagalang, kahit anong bagsik nang leon sa parang pagkakita niya'y biglang luluhuran.

Sapagka't ang ina nila'y naging reina niyong madlang hayop na sa Isla Blanca, sari saring oso, tigre at vívora may inanga kamandag sampung leopadra.

Yaong pulóng iyon ay kabalitaan nang dami nang hayop na nagsisiligaw, di makapagilid alin mang sasakyan at ma'aking lubha ang kapanganiban.

Aking iparito kay Doña Adriana amang emperador niyong tumanda na, papag-asawahin ang nasa at tika at nang may magtanga nang cetro't korona.

Yaong emperador na kabalitaan ang wika: ay bun ó sabi ko'y pakinggan, ang nasa ko sana ikaw nga'y makasal at nang may magtanga nitong kaharian.

Ang nasok sa isip ni Doña Adriana ano kaya baga ang loob ni amá ang ako'y babae at batang-bata pa di makapagtanggol nitong Monarkía.

Sagot nga sa ama ang wika'y ganito namimintuho po sa balang loob mo, ang ola kay amá ipahintulot mo iyong palabasing lahat sa torneo.

At ako ang siyang makikipaglaban sa manga príncipe't kabalyerong tanan, ang balang manalo't sa aki'y maghapay siyang maghahawak nang puri kong tanga.

Napaayong tambing itong emperador sa hiling nang anak ay hindi tumutol,



ipinahayag na sa lahat nang kampón  
gagawing torneo nang maipatuloy.

Sapagkat maraming nangaroong mahal  
príncipe at duke at markés na tanan,  
sa pangangasawa ang sadya at pakay  
kay Doña Adrianang balita nang tapang.

Dito silang lahat ay nangagpaliksa  
nang tapang at dahás nang isa at isa,  
di na lamang anhin ay mapatuloy na  
ang may kapalaran ay nang makilala.

Ano y nang dumating yaong takdang araw  
sa plaza'y nagtipon tanang mangá mahal,  
anang isa't isa ako ang lalaban  
nagpapalaluan nang lakás at tapang.

Madla ngang príncipe nang natitipon na  
ay siyang paglabas ni Doña Adriana,  
ang hawak sa kamáy pika at rodela  
na nakalilingas kung tingnan nang matá.

At saka nagwika kung sinong lalaban  
ihanda ang lakás mangá katapangan,  
kung kayo'y magahis aking malupigan  
walang maghahanap niyang inyong búhay.

Sa winikang ito'y sumagót ang lahat  
mahal na princesa amin pong talastas,  
ang hawak mang búhay dito ay mautas  
sa laróng ganito walang maghahanap.

Dito na minulan ang paghabatalla  
walang makagahis sa bunying princesa,  
kaya't pinagtakhan si Doña Adriana  
tinatangnang pika ay dili masangá.

Ang tanáng doroon ay nangaghilakbot  
lakás ni Adriana dunong na mamook,  
ang mangá príncipe'y nangagdalang takot  
walang makatagal sino mang humamok.

Sa lahat ay walang sinomang nanalo sa mangá príncipe sa laróng torneo, princesa Adriana siya ring tumalo at siyang nagputong nang laurel sa ulo.

Ang mangá príncipe ay nagsialis na di na napaa'am pumanaw pagdaka, sa malaking hiya na kinamtan nila ang isang babae siyang nagvictoria.

Hindi rin napilit magasawang tunay kaya n a't ang amá'y napunó nang lumbay, na bakit babae na dalawang hiraug walang malagakén nang keronang mahal.

Sapagka't hindi nãa matuluan natin nang sino ma't alin kamatayang angkin, dinatnan nang sakít ang haring butihin mabigat na damdam di ikagupiling

Ano'y kapagdaka ang hari namatáy tanang konseheros malaki ang lumbay, mangá markés, duke, kabalyerong tanan ay nagsiabuloy hanggang sa libingan.

Saka nang matapos na mailibing na ang mangá konseho nangagsipaghunta, agad ipinutong ang cetro't korona sa prinsesang bantóg kay Doña Adriana.

Ma'aki ang tuwa't mangá pagdirivaug lahat nang konseho'y pawang nagtagumbay, na sila nãang tanan nagbandog nag-alay sari-saring laróng mangá bagay-bagay.

Ang mangá konseho malaki ang tuwa emperatriz nila бага man at bata, buting magpasunod dunong mamahala sa mangá príncipe't kabalyerong madla.

Na marami naman ang nangagsidayo príncipe at duke mangá kabalyere,

isa man ay walang dumaig tumalo  
at si Adriana rin ang siyang pang-ulo.

Saka nabalitaang ipinananabi  
ang De'fin sa Francia na si Pantinople,  
na anak nang hari dakilang principe  
di umaoy sakdal nang gandang lalaki.

Gayun din sa lakás, dahás, katapangan  
sa alin mang kampo'y dating kasabihan,  
princesa Adriana pagdaka'y tinablán  
nang isang malaking sinta't kaibigan.

Panuntan nang sinta'y pag-anhin pa baga  
ulol na mistula ang siyang kapara  
sa lahat nang reino'y balita't hayag na  
na si Pantinople ibig na makita.

Wika nang princesa'y paanong magaling  
ang pagkatantu ko nang balitang lihim,  
ibig kong padalhan nang sulat ngayon din  
balita nang tao matunayang tanging.

Ang nasok sa loob masamá aniya  
sulat nga ang aking siyang ipadalá,  
ako'y magsasadya at nang inakilala  
ang mangá sabihan nang aking makita.

Siya'y nagpagawa nang isang sasakyan  
din sa kapatid siya'y nagpaalam,  
bilang presidente na kanyang iniwan  
mamahala ngani niyong kaharian.

Nang malulan nang tanang vastamento  
mangá marinero't sampu nang piloto,  
pagtugpa nang reina'y kasama'y musiko  
at ipinatnugot nang mangá konseho.

Kapag tulak niya siyang pagbubukas  
nang enkanto niya at saka lumayag,  
ang lahat nang tao'y takot ay di hamak  
sa ulóg at kidlat nang pananambulat.

Ang paglayag nila'y sabihin ang tulin  
ibong lumilipad ang siyang kahambing,  
ilang araw lamang kaniang dinating  
ang lupa nang Francia at mang'a baybayin.

Inihantong nila daong na sasakyan  
at doon nagfondo sa isang sabang'an,  
ang bunying princesa umahon pagkuwan  
madla n'gang kasama sa daong iniwan.

At siya'y nag-isang pumasok sa korte  
pananamit niya'y huwad sa lalaki,  
na kahan'ga-han'ga ang dikit at buti  
ang dalang sandata ay i-ang alfange.

Nang siya'y dumaan sa palasyo real,  
doron ang hari't anak ay kararal,  
sombbrero sa ulo'y hindi man pinugay  
at siya'y lumakad na nagpatuluyan.

Ang bunying principe sabihin ang galit  
pagdaka'y binunot iyong kanyang kalis,  
sa harap nang ama'y ibig na umalis  
ang nagdaang pusong hababuling pilit

Winlka nang ama'y maghunos dili ka  
saan paroroon yaong pa'amara,  
ipabahabol ko sa mang'a de guardia  
nang mapagdusahan ang ginawang sala.

Tinawag ang kabo't siyang inutusan  
at ipinababol ang taong nagdaan,  
ang wika'y ipanbik sa palasyo real  
itong si Adriana'y tikis ra naghintay.

Ang buong akala nang kanyang isip  
kung si Pantinople ang siyang uusig,  
lalabanan niya anomang masapit  
ang mang'a balita't ibig na mabatid.

Ang kanyang talagá kung siyang paluwal  
na siya'y piling bigyang kasalanan,

ang kay Pantinopleng buto'y kahit bakal  
pipilitin niyang magka mungay mulay.

Ano'y nang dumating ang kabo de guardia  
nagbigay nang galang at saka nagbadyá,  
hari po sa iyo'y nagpapa-anyaya  
sa real palasyo ay hinihintay ka.

Hindi nagsuwail at sumamang bigla  
palibhasa'y iyon ang kanyang sadyá,  
at ibig matanto niya't maunawa  
kung бага tutoo ang mangá balita.

Ano'y nang dumating sa haring harapan  
itong emperatriz nagbigay nang galang,  
tinanong nang hari kung anong dahilan  
sombbrero sa ulo'y hindi man pinugay.

Smagót nag-wika princesa Adriana  
ito po aniya'y pagkabata ko na,  
pangako ko itong di na magiiba  
kahit ikalagot nang aking hininga.

Tumanong na muli ang haring marangal  
kung sino ang bansag nang kanyang ngalan,  
ang sagót nang reina'y ako po'y si Beltrán  
isang kaba'yerong dapat pag-utusan.

At nagpakunwari na napaalam na  
sa aking sasakyan ako po'y tutugpa,  
ang hari mapilit nang pag-aanyaya  
ayaw paalisin sapagka't oras na.

Sa pag-aanyaya ay sa kapilitan  
bunving Pantinople nangakong matibay,  
na kung makakain siya'y sasamahan  
at ipapatnugot daong mong sasakyan.

Malaki ang tuwang kinamtan nang loob  
nitong si Adriana sa ganitong sagót,  
ngayon makikita at mapapanood  
balita nang tao'y aking masusubok.

Ano'y nang matapos na makakain na itong emperatriz nagtuloy sa kama, bunying Pantinople ulol ang kapara naisipan niya'y pintor ay kumita.

Nang siya'y dumating may kasamang pintor dalá itong pincel at sampu nang kolor, sa tinutuluga'y doon nagpatuloy nitong arko-iris maningas na krisol.

Ani Pantinople ihuwad mo lamang sa tabas nang mukha at pangangatawan, buong pagka-ano at kiyas nang lagay magkano mang pilak kita'y uupahan.

Mayari ang usap ay ginawa nanga kanyang ipininta ang ayos nang mukha, bilin nang principe ay yariing bigla kung ito'y magising ay kahiya-hiya.

Ano pa't nayaring bigla ang larawan na natatago na nang siya'y magisnan, itong emperatriz tumanong pagkuwan pintor ay kung ano't may pincel sa kamay.

— Doon ako aniya nanggaling sa lupa at may isang muntá na ipinagawa, itong pintor nama'y napaalam nanga at kapagkaraka'y umalis na bigla.

Magising ang hari siya'y napaalam at siya'y tumugpa daong na sasakyan, at si Pantinople gumayak na naman gaganapin niya ang yaring tipanan.

At nang magkagayon ay napaalam na na napabendisyon sa kanyang amá, ay ang hari nama'y malaking balisa di nakikilala anak ay kasama.

Nagsipanaog na malaki ang lugod ang Araw at Buwan ang siyang kahandog,

ay ang hari naman sa lupa'y nanaog  
may lumbay man ito'y tinago sa loob.

Sa paglakad nila y nagkakaagapay  
mabubuting sabi pinaguusapan,  
di kaginsa-ginsa y nangaw sa raan  
at saka nawala kabalerong Beltrán.

Tikis na ginawa ang bagay na ito  
ang bunying princesa siya'y inenkanto,  
parang sinusutok kung baga tutoo  
ang mangá sabihan ba ita nang tao.

Sabihin pa baga nang di na makita  
puso niya't loob parang nagbataga,  
kumulog, lumintik at nagkikidlat na  
at saka umulan ng kataká-taka.

Yaong kabundukan ay pawang nagdilim  
na walang makita sukat na tunguhin,  
ang kay Pantinople galit ay sabihin  
kabalyerong Beltrán ay hinahanap din.

Aking sinasaksi ang tapang ko't lakas  
di ko tatahanan nang akong paghanap,  
hanggang di makita ang lilo at sukab  
kahit malibut ko buong maliwanag.

Paghanap nga niya hindi nagtatahan  
ang sandata y bunot at hawak sa kamay,  
kung masumpung niya ang tigre't halimaw  
susunggaban niya't ipaghahampasan.

Marami pang lubha ginawang-panggulat  
na mangá pagtakot nang masiglang kaayat,  
ibalik ko naman sa haring marilag  
hindi makakain dahilan sa anak.

Ang anak na giliw kung magunam-gunam  
napagsapit baga nang kaniyang buhay,  
lahat nang konseho ay pinagsabihan  
lalang na ginawa kabalyerong Beltrán.

Buong kaharian ay malaking guló  
nagkatipong lahat ang mga soldado,  
nag-utos ang hari sa tanang konseho  
ang wika y hanapin saan man patungo.

Ang soldadong dragón ay gumáyak naman  
siyang mutusang lumabas sa parang,  
ang príncipe nila'y hanapin saan man  
na ipinagsama kabalyerong Beltrán.

Sila aipala'y biglang nag si lakad  
at sinasaliksik yaong buong gubat,  
sa vila't kondado doon hinahanap  
nang di masunduan nag si uwing agad.

Ang bunying Adriana'y di humihiwalay  
na si Pantinople alagang matibay,  
ang ginawa niya'y sandaling iniwan  
at siya'y tumugpa daong na sasakyan

Kapag dating niya'y nagutos pagdaka  
susuhan aniya yaong isang mitsa,  
kung бага may taong doon ay tumugpa  
huwag babatiin at bayaang sadyá.

Inyong pabayaan na diya'y lumulan  
huwag naman ninyong pakikiusapan,  
itong aking billn ay inyong tandaan  
ang hindi sumunod kapalit ang búhay.

Umahon na siya't kaniyang hinanap  
ay si Pantinopleng sinta niya't liyag,  
nang kaniyang datnan nakikipaglamas  
sa león at tigre at mangá vívoras.

Mangá león, tigre tumakbong lahat na  
sa pagusig niya'y manang sa makita,  
banaag nang ilaw sa bandang aplaya  
tumugpa na siya't tuwa'y sabihin pa.

Nang lumapit siya'y biglang natanawan  
gayong laking daong iisa ang ilaw,



wala namang taong makasalitaan  
sukat baga niyang mapakiusapan:

Ang nasok sa loob kung kahima't sino  
may ari nang daong ay lululan ako,  
kung sila'y magalit pagpapatain ko  
di anong gagawin kung ako'y matalo.

Lumulan na siya na walang pang'anib  
ang hawak sa kamay iyong kanyaug kalis,  
nakikita niya langit nga at tubig  
at ang ilaw naman pinatay pang tikis.

Bunying emperatriz ay kapagkalulan  
pinatid pagdaka sinepeteng taglay,  
dito minulan ang patak nang uian  
ang kulóg at kidlát hindi na naghumpay.

Ang alon sa dagat ay nananambulat  
sinasakyang daong ay halos mabasag,  
ay si Pantinople dili man masindak  
bago'y walang tao siyang makausap.

Bunying emperatriz ay tumahimik na  
na si Pantinop'e wala nang pangamba,  
ang enkanto niya'y niwalang halaga  
gayong daming gawang sukat ikagitlá.

Ano'y nang dumating sa Antiokiang reino  
agad ipinundo ang kanilang barko,  
ang lahat nang tao nag si ahon di'o  
wala ring makita na kahima't sino.

Sa linibot-libot doon sa sasakyan  
may nakitang barka na lulutang-lutang,  
lumusuñ na siya't pagdaka'y lumulan  
nag inot na siyang nag-ahon sa pampang.

Nang makaahon na'y pagdaka'y lumakad  
nagpatuloy siyang walang takot sindák,  
sa linibut-libot nang pag-aapuhap  
may nakita siya na malaking salas.

Ang salas na ito ang tinatahanan  
kay Doña Adriana bagang kaharian,  
na kung kaya siya'y parang walang malay  
bagsik nang enkanto ang siyang may lalang.

May nabipo siya na isang lamesa  
ang mangá kakanin duon nasasadya,  
sa malaking gutom umupo na siya  
wala namang tao siyang nakikita.

At nagbendicion siya sa ngalan nang Diyos  
kumain na itong walang sindák takot,  
di ko pagaanhin nang siya'y matapos  
may isang ginoo na siya'y dinulog.

Naapuhap niya'y pagdaka'y tinangnan  
kay Doña Adriano na kaliwang kamay,  
pinipilit niyang pangalan ay turan  
ibig makilala k ng siya'y si Beltrán.

Bitiwan mo ako wika ni Adriana  
at ako ay siyang dati mong kasama,  
nang iyong matanto ngayo'y makilala  
ang retrato'y kunin iningat sa bulsa.

Ang bunying príncipe'y agad natilihan  
ang retratong ingat kung ano't nalaman,  
sa gayong kadilim agad nagkailaw  
mukha ni Adriana ang kanyang natingnan.

Mana'y nang makita niya't mapanuod  
mukha nang princesang daig pa si Venus,  
natapon ang diwa't nawalan ng loob  
sampung kanyang bibig di mabuka halos.

Nang araw na yaon siyang pagsasará  
enkantong binuksan ni Doña Adriana,  
siya nama'y agad na napakilala  
sa príncipeng hantog sa reino nang Francia.

At si Pantinople lumuhod pagkuan  
nang pamimintuho at galang na taglay,

sa gayong karikta't gandang napagmasdan  
na sa kagandahan nang princesang mahal.

Wika ni Adriana tindig na't pagbuhat  
upo na sa silla at kita'y magusap,  
nang iyong matan o ngayo't matalastas  
ang pagparoon ko't mangá paglalayag.

Sapagka't balita ang lakás mo't tapang  
sa alin mang kampo ika'y kabantugan,  
sulat na despacho tika kang padalhan  
aking itinigi at may kaiwagan.

Ipinagayak ko ang barko pagdaka  
at kapagkahanda ay ako'y tumugpa,  
katulinan namin canhi nga sa sinta  
ang amin: tinungo ang reino nang Francia.

At sa katulinan nang aming sasakyan  
palibhasa'y sinta ang siyang may akay,  
ang pagkaibig ko'y makita ka lamang  
dahilan sa sabing mangá balitaan

Principeng marikit yamang tanto ko na  
balita nang tao'y aking natalus na,  
yaring katawan ko ay natatalaga  
sa iyo at sampo nitong monarkiya.

Sumagót pagdaka ang principeng mahal  
bunying emperatriz na iginagalang,  
di kinabahagya kung may karampatan  
sa kinaantang dusa ay magiginhawahan.

Anang emperatriz batid ko't talastas  
ang lahat nang iyong pinagdaanang hirap,  
kaya ang bihis ko na iginagawad  
tapat na pagliyang kamtan mong liwanag

Salamat o reina sa iyong sanghaya  
ani Pantinople, at yaring dalita,  
ay habalinhan mo nang lubos na tuwa  
na sa aking puso'y tantong matatala.

Malaon nang oras na pagpapanayam  
itong emperatriz agad napaalam,  
kung baga't mangyari magpahinga lamang  
bilin ko sa iyo huwag malimutan.

Biling ko príncipe kung maiinip ka  
at ako'y malaon sa pagpapahinga,  
makiyat ka sa torre sa kay Doña Juana  
na aking kapaid mabuoying infanta.

Huwag pahamak n na ako'y gisingin  
at ang pabellon ko'y huwag papasukin,  
bilin ko príncipe baka mo limutin  
pag-ibig sa iyo nang hindi magmaliw.

Nang makapaalam siya'y umalis na  
at siya'y nahiga sa kaniyang celda,  
bunying Pantinople nupo na sa silya  
di pa nalalaon siya'y nabalisa.

Tumndig pagdaka sa torre umakiyat  
sa kay Doña Juana ay nakipagusap.  
di naman na'aon at nanaog agad  
kay Doña Adriana'y di ibig malingat.

Makapanaog na'y hindi mapalagay  
dapuwa't ang bilin di nalilimutan,  
ay ang nanaig din yaong kaibigán  
mukha ni Adriana'y ibig na matingnan.

Sa gayon nang gayon hindi na matiis  
lumapit sa kuwarto't pabe'yo'y linilis,  
ang mukha man lamang ibig na masilip  
siyang pagkagising niyong emperatriz.

Kagalitang dala'y hindi hamak-hamak  
ang kahalimbawa'y bulkang umaalab,  
ang buong palaso balos na masilab  
di na nagunita ang dinaanang hirap.

Ang bunying príncipe hindi makagalaw  
baga man at sadya sa lakás at tapang,

ang nananaig din yaong kaibigán  
bakit at tunay nãa niyang kasalanan.

Tumawag pagdaka itong emperatriz  
nang mangã de guardia at ipinarakip,  
doon sa kabildo ay ipinapiit  
at pinatasahan nang kanin at tubig.

Ang sentencia niya'y niyari pagdaka  
mangã konseho nãa ay pinapagfirma,  
pugutin ang ulo sa gitna nang plaza  
siyang karusahan na sa kanyang sala.

Sabihin pa baga ang pagkakagulo  
mangã markés, konde't iba pang ginoo,  
dumulog sa reina at nag-aapelo  
nag-aamo-among sentencia'y mabago.

Lalo ang infanta nasi Doña Juana  
ang kamukha'y baba ang luha sa matá  
aniya'y kaka ko ako ang may sala.  
at inutusan ko siya'y manaog na.

Ang sagot at wika ni Adriana naman  
di naniniwala sa sabi mo't saysay,  
na kung nakita ko na kasama'y ikaw  
disin wala sanang ligalig liganggam.

Sagot na wika ay ni Doña Juana  
sa lagay kong yari magdalang habag ka,  
at sa puyat pagal nã pagpasa Francia  
nang si Pantinople ay iyong kinita.

Di baga pahayag wika mo sa akin  
nang kayo'y pumundo at dito'y dumating  
kung si Pantinople ay datnan nang liping  
di mo pahihipan kahima't sa hangin.

Bakit baga ngayon ay hinatulan mo  
at si Pantinople puputlan nã ulo,  
yaon baga kaka ang pagmamahal mo  
manong mahabag ka't sentencia'y mabao.

Sagot ni Adriana ang aking hinayang malaki at labis sa aking katawan, kasabay ang luhang sa matá'y bumukal kristal manding pili at mutyang makinang.

Ang bagay na iyan magpapatawad ka di ko masusunod ang pita mo't ola, at kung ang hatol ko ay sisirain pa kitang magkapatid wala nang halaga.

Magtiis ka bunso at ako'y gayon din ang Diyos na Poon ang siyang tawagin huwag mo na lamang ipilit sa akin ang yaring hatol ko'y iyong sisirain.

Sumagot nagwika ay si Doña Juana. diyata baga kaka'y di na magiiba, ang hingi ko lamang ngayong inuola huwag nang pugutan sa gitna ng plaza.

At kung baga siya diyan ay pugutan ay ako ang siyang unang mararamay, na sa Isla Blanca ipadalang buhay matay sa kaniya ang tigre't halimaw.

Markes mangá duke nama'y nagsiluhod mangá luha nila ang kamukha'y agos, magdalita ka po at ipahintulot matay sa kaniya ang lahat nang hayop.

Hindi na kinibo't ang winika lamang ipadalang bigla't nangdi ko matingnan, nagtindig pagdaka nasok nagtuluyan sa kaniyang celda na dating tahanan.

Ang infanta nama'y nanaog pagdaka at si Pantinople pinaroonan niya, kaniyang sinabi ang yaring sentencia ikaw'y desterrado ay sa Isla Blanca.

Nang kay Pantinople bagang matalastas hatol sa kaniya at sentensiang gawad,

nanaghoy na lamang ang winika'y palad  
saan pa hahangga ang dalta't hirap.

Umano'y sapagka't siya niyang ibig  
kung ikapapawi ay nang kaniyang galit,  
sang libong buhay ko'y paminsang maalis  
siyang hatol niya'y aking tinitiiis.

Aba tayo na po kung kahima't saan  
ang kaniyang hatol na pagparusahan,  
wika nang infanta'y maparco ka man  
sa bagsik nang Diyos di ka mamamatay.

Maparoon la mas huwag kang manganib  
ang hayop nga doon sakdal nang babangis,  
sa Diyos na Poon doon ka manalig  
pagdating mo doo'y luluhod na pilit.

At itong singsing ko ay siya mong kunin  
ha iba ni ina't pamana sa akin,  
pagkakita nito'y luluhod na tambing  
ang lahat nang hayop utos mo'y susundin.

Inabot pagdaka't siya nang pagtugpa  
paglulan sa barko'y naraghoy pagdaka,  
ito ang winika aro'y paalam na  
paalam, paalam, Doña Adriana.

Paalam Adriana na sinte ko't buhay  
ang iyong sentensia di ko sinusuway,  
kung doo'y matapos yaring aking buhay  
ay mawawala na ang galit mong tangan.

Ako'y paalam na, paalam infanta  
idalangin mo rin sa Virgen Maria,  
at aro'y mabuhay na mas-uli sa  
matuntungang muli itong Anticquia.

Tumulak na agad daong na sasakian  
at si Doña Juana umalis na naman,  
reirong Anticquia ay pinatabingan  
nang manga damasko't iba't ibang kulay.

Ipagparito ko't aking ipagbalik  
kay Dona Adriana buhay na nasapit,  
arao, gabi'y walang tahan nang pagtangis  
kung ma-ala-ala itong napagsapit.

Kadalamharian sabihin pa bago  
ang magkaibigan mawala sa mata,  
dangang kasalana'y nagpakaratay na  
sa kay Pantinople ay dumamay siya.

Nasaan aniya ang aking hinanap  
pinagkapaguran nang linayag-layag,  
nasaan ang aking inauwing haplas  
kabanguhan niya'y humahalimuyak.

At nasaan ang aking lalaking maganda  
na si Pantinopleng kinuha sa amá,  
di nagdamdam takot munti mang pangamba  
gayong kahirapan bago ko nakita.

Ito'y isa ko pang ikinalulunod  
sa kay Pantinople na sinta ko't irog,  
sa yering hatol ko ay umalinsunod  
bago'y buhay niya siyang matatapos.

Ay bago sa aking mangga pagkadamdám  
ito mang Antioquia kahit mag-ubos man,  
ay si Pantinople di makakayanan  
at saka sumunod niyong kahatulan.

Kahit sa sang mundo ay ako'y naglibot  
at aking ubusing pugulin ang pagod,  
ang gayong lalaki di na matatalos  
bunying si Adonis alangan pa't-kaPOS.

Na kunz ako sana'y nag-isip nagbulay  
at di nabulales dalang kagalitan,  
disin wala sanang ako'y pagsisihan  
ang nag-aape'o'y aking pinakinggan:

Ipagparito ko't ipagbalik dini  
nasapit nang buhay ay ni Pantinople,



nang sa Isla Blanca nang dumatal yari  
sinalubong siya manga leo't tigre.

Sampo nang halimaw tanang leopadra  
at nagsisilipad na manga vibora,  
may virtud na singsing ay kapagkakita  
aalis na bigla't magsisilayo na.

Ang lahat nang taong lulan nang sasakian  
malaki ang takot at kapanganiban,  
agad nagsi-alis silang nagbiglaan  
at si Pantinople kanilang iniwan.

Tanang hayop doon na sa Isla Blanca  
pawang nagsiluhod humalik sa paá,  
ang pamimintuho at galang na sadya  
at sa pagka hari na kinikilala.

Doon nanga siya nakisalamuha  
sa maraming león na nagsisigala,  
palibhasa'y hari nangangayupapa  
ang balang mawika'y hindi masisira.

Mana'y pag-aanhin nang humabang oraw  
sa naturang Isla niyong pagkatahan,  
masukal ang loob na di ano lamang  
bakit walang taong makasalitaan.

Ang nasok sa loob sumalaala  
kahit mabuhay man ay walang halaga,  
agad inihagis ang tangang espada  
linagpakang lupa ay di man nakita.

Lisanin ko muna itong pagkatahan  
nang bunying prinsipeng balita nang tapang,  
na sa Isla Blanca mahaba nang araw  
ang maraming hayop siyang kaulayao.

Parang kahingian kung ga mangyayari  
kayong nakikinig sa kay Pantinople,  
tapunan nang awa maging saludable  
ako'y painomin nang gatas nang tigre

Manga kamahalan yamang nangyari na  
ako'y di hiniya nang aking importa,  
may lugar na yatang aking itu oy na  
noticiang himala doon sa gaceta.

Sa Turkiyang reino ay nagkasoceso  
himalang pakita nang Diyos sa tao,  
ito'y pinagtakhan ng maraming turko  
sampung manga sultan ay nangagkagulo.

Nang isang tanghaling nasa sa lamesa  
itong emperador mabunying monarka,  
at kasalo niya anak na princesa  
sila'y nahulugan nang isang espada.

Bunying emperador parang natilihan  
espadang nahulog ay kung galing saan,  
na naleletrero ay sa bainang tunay  
na kung basahin mo'y ganito ang saysay.

Na ang pagkabasa sa letrero бага  
at kung tuturingan ang laman ng letra,  
wika'y Pantinople hinihintay kita  
dini sa imperio ay nang gran Turkiya.

Bagama'y masama yaong kaniyang loob  
espada'y tinangnan at kaniyang dinampot,  
gayong pagsasakit ay hindi mabunot  
lalo pang sumukal itong kaniyang loob.

Yaong manga piling bantog sa Turkiya  
tanang manga sultan ang sabi at badya,  
nangag tulong-tulong nuot nang espada  
ay hindi nahugot doon nga sa baina.

Nangag hunta sila't pinagkayarian  
mag-gayak nang hukbo't hanapin saan man,  
ngalang Pantinople na sa baina'y saysay  
at ang emparador ang mag-gegeneral.

Bunduk kaparangan ay ginalang lahat  
hindi nagtatahan nang manga paghanap.

itigil ko munat aking ipahayag  
ay si Pantinople naug pagkawakawak.

Mula nang dumating ay sa Isla Blanca  
pagkatahan doong mahabang araw na,  
bakit sa kakanin siya nga'y wala na  
bastamentong baon niya'y naubos na.

Diwa'y talaga rin nang Diyos sa langit  
na may isang bathe na papawid pawid,  
halos matayo pa'y linaigo'y na pilit  
lumulan sa bathel sa pulo'y umalis.

Yaong bathel naman walang kasangkapan  
timba man ó gaod walang masunggan,  
nang mapalao't na'y ang hangiy sumasal  
lalaki nang alon ay kahambal-hambal.

Sinasakyang bathel anong mararating  
sa gayong da uyong at lakas nang hangin,  
di makapaaganlong di anong gagawin  
sa dili kawasa'y siya'y lumubog din.

Nang lumubog siya'y dito na naghirap  
bakit naguguton sa tubig ay babad,  
ang manga mata pa'y hindi maimulat  
sa lakas nang simpok nang alon sa dagat

Dito na naghoy nang kahambal-hambal  
bunying Pantinople balita nang tapang,  
ang winika niva ito'y katapusan  
reinang enperatriz nitong aking buhay.

Tapus na princesa picarusahan mo  
abang Pantinopleng kinagalitan mo,  
na di nagape'o't s'munod sa iyo  
sa yaring hatol mo't sentensiang bigay mo.

Dagang pagsunod ko sa syong nawika  
ang yaring hatol mo'y di ibig masira,  
mamataw man ako'y ikinatutuwa  
at kalooban mo ang pagdadalita,

O bunying princess na sinta't buhay ko  
aba Doña Juanang parang kapatid ko,  
idalangin mo rin ang abang buhay ko  
sa Diyos na Hari't Virgen masaklolo.

Dangang pagsuod ko sa kasi ko't sinta  
di ibig masira ang nawika niya,  
kung ako'y tumanggi baga sa kaniya  
gasino sa akin ang reinong Antioquia.

Nguni Pantinople pagtiis pagtatal  
ang Diyos na Poon ang may kalooban,  
magunits mo rin Adriana kong buhay  
ang hirap kong ito'y sa sinta dahilán.

O Doña Adriana ikaw nga'y mahabag  
dini sa lagay ko't narating nang palad,  
bakit nagugutom sa tubig pa'y babad  
dini sa malawak at gitna nang digat.

Siya'y tumawag na't tulo'y nanalangin  
sa Diyos na ara at sa inang Virgen,  
kaluluwa't buhay niya'y inihain  
sa gayong masapit at kaniyong narating.

Talaga nga't awa nang Diyos na ama  
may dalawang turkong mamamalakaya,  
nangag si palaot at sila'y kikita  
nang ikabubuhay ang nasang talaga.

Kapagkapalaot kanilang natanaw  
vaong isang tao na lulutong lutang,  
pagdeka'y lumapit sila at tiningnan  
nang makita'y buhay siagip pagkuwan.

Inauwi nila't pinaghinas-h mas  
nang dalawang moro ang kanilang bihar,  
sa gumaling galing siya'y makalaked  
ó baka magtanan binilanggong agad.

Nang mabilanggo na siyang i'ang araw  
at masauli na lakas nang katawan

iginiba niya yaong bilangguan  
pinagmunglay-munglay ang rejas na bakal.

Manang sa alkaide'y ito'y matalastas  
lumabas na siya't agad siniyasat,  
hinampas sa ulo namatay na agad  
yaong manga turko'y lumabas na lahat.

Pinagtalukupan niyong karamihan  
wala naman siyang armas na ilaban,  
ang kanyang nakuha ang rehas na bakal  
karamihang turko ay pinagpapatay.

Ano'y nang makita nang princesa siya  
na maraming turko't patáy nagkalat na,  
sukat na aniya binyagang masigla  
ako ang princesa galit mo'y tigil na.

Nang mapayapa na ang malaking gulo  
at mailibing na ang patáy na móro,  
tinawag na siyang manhik sa palasyo  
at nang makilala na kung siya'y sino.

Sumama na siyang walang kibo't imik  
sa torreng tahanan nagtuloy pumanhik,  
malaking pag-irag at manga pag-ibig  
sa kay Pantinopleng kabutiha't dikit.

Princesa Celima ay malaking sinta  
doon na tumahan sa reinong Turkia,  
tuloy sasabihin sa kanyang amá  
sundi't talimahin balang gusto't pita.

Sa gayong kalaking loob na patanaw  
ay si Pantinople ay d' mabilingan,  
ang ibig din niya'y malis at magtanan  
mukha ni Adriana'y ibig na matignan.

Kalakang pag-ibig princesa Celima  
sa kay Pantinople katapanga't sigla,  
espadang nahulog ay ipinakita  
na pinsingatan niyaong kanyang amá.

Nang makita ito tuwa'y di mamagkano ay ni Pantinople matapang na tao, doon sa baina'y kanyang napagsino nalilimbag бага n'galañ niya rito.

Ani Pantinople kahit magalit man kukunin kong pilit anomang karatnan, wika ni Celima ay iyong bitwan ito'y sa amá kong pinaiingat.

Nang ayaw ibigay nagp-gibik agad sa kanyang torre sigaw nga'y malakás, yaong manga bantay pumanhik na lahat ang princesa nila ay ginikbang kagiat.

Siyang paglalamas nang kagikla-gikla pagpapamuukan nila't pagbabaka, nagkalat sa raan ang patáy na iba at si Pantinople ay hindi makaya.

Anopa't ang turko ay walang nagawa pawang nagsihabol sa labas nang kuta, at lalong wara ni ang napatay pa nga na si Pantinople ay di masansala.

Nangag si uwi na ang natirang buhay at si Pantinople ay di makayanan, loob ni Celima ay hindi malagay dahil sa espadang nakuha't naagaw.

Princesa Celima'y sumulat pagdaka sa manga korreo ay ipinadala, at nang matalastas nang kaniyang ama yaong pagkaagaw ingat na espada.

Itigil ko muna ang padalang sulat ang hukbo nang ama'y siyang ipahayag, hindi nagtatahan nang manga paghanap sa kay Pantinople balita nang lakas.

Ay ang naisipan nang gran sultan бага sila'y napatungo sa reinong Antioquia,

pagka't may torneo sa gitna nang plaza  
ang manga principe't kabalyerong iba.

Nang dumating doon sa Antioquiang bayan  
itong emperador na aking tinuran,  
kay Doña Adriana sabing bintiwan  
tunay kong asawa balang magtagumpay.

At tuloy winika nang manga konsehos  
sa pagtotorneo huwag nang lumahok,  
itong emperatriz naman ay sumunod  
sa ganoong bagay ay napahinuhod.

Buongang akala nitong emperador  
ay si Pantinople pilit paroroon,  
kaya ang armada doon inihantong  
upang masagupa at doon masampung.

Ano'y nang dumating yaong takdang araw  
gagawing torneo na ipaluluwal,  
plaza nang Antioquia ay pinatabingan  
manga kolgadurang iba't ibang kulay.

Dito na dumating at nagsilabas sa  
ang tanang principe't kabalyerong iba,  
nagsisipagningas turbante't rodela  
na nakasisilaw sa titinging mata.

Nangagsiluk'ok na sila at humanay  
sampung emperador doroc't kareral  
at si Pantinople ay dumating naman  
sa taasang doroon nagbigay nang galang.

At tuloy nagwika kung ipahintulot  
sa larong torneo siya'y makilahok,  
anang emperador aking pahintulot  
sa naturang silya ikaw ay lumuklok.

Dumulog na siya sa luklukang silya  
at bago naupo ay nagkortesiya,  
nakilalang arad ay ni Doña Juana  
arad ibinulong sa kapatid niya.

Ganito ang wikang kaniyang tinuran  
kaka, kung ibig mo'y kita'y pagbugtungan,  
ang Araw aniya na pinaglahuan  
ngayon ay nag-uli at bagong sumilang.

Nang kay Adrianang matanto't matatap  
na si Pantinopleng sinta niya't liyag,  
malaki ang tuwang hindi hamak-hamak  
gayon din ang sayang kinamtan nang palad

Umurdean pagdaka itong emperador  
gagawing torneo nang malpa'uloy,  
magpakita kayo manga inyong dunong  
ang unang lumabas itong emperador

Ang manga principe ay di makatagal  
na sa emperador nang pakikigayam,  
ang kahalimbawa ang tigre't halimaw  
halos na pagsililn nang pakikilaban.

Sa gayong karami walang tumagal na  
nang sa emperador lakas tapang niya,  
agad nang nag-wika na kung mayroon pa  
ay lumabas dito at hintay ko sila,

Nang kay Pantinople iyon ay meringig  
pagdaka'y siniglan nang malaking gali't.  
Ilong emperador palalo't balawis  
linusob pagdaka sa malaking gali't.

Itong Pantinople ang siyang lumabas  
nagpahinga muna't nagbago nang lakas,  
at tuloy nag-wika principeng marilag  
magpakatatag ka't ikaw ay mag-ingat.

Ang kay Pantinopleng sagot sa kaniya  
hunying emperador magpakatatag ka,  
ako'y di kaparis at huwag ipara  
sa manga principeng kalaban mong una.

Paglalapit nila'y agad nagsalubong  
ang tigre't halimaw ang siyang kautol.



manga pika nila ay nabali doon  
at ang emperador narimdim nga tuloy.

Nangag si pagburot sila nang espada  
at nagsipag-alab ang gelit na dala,  
buning emperador niyong mahina na  
agad dinatuhan nang manfa kasama.

Sampu nang iba pang nangaroong sultan  
walang nakatagal na isa man lamang,  
pawang nagsiurong at nahintakutan  
sa kay Pantinoplang lakas katapangan.

Siya nang pashiyaw nang viva victoria  
kalahat lahatang taga Antioquia,  
itong emperador at manga kasama  
pawang nagsi-alis at naghabala pa.

Anang emperatriz sa kampo'y sinaysay  
itong larong ito'y atin nang itahan,  
ang manga soldado ay tinipong tanan  
at habulin natin-iyong nagsi tanan.

Ako ang general ngayon na lalabas  
at sa emperador ay makikipaglamas,  
ani Pantinople huwag mabagabag  
narito ang lingkod at dati sa hirap.

Ano pa't di nayag nagpilit sumama  
itong emperatriz si Doña Adriana,  
inilaked nang ejército nila  
iniwawasiwas ang datang bandera.

Yaong tanang musiko ay nangagsasaliw  
kasabay ang tambor piano at klarin,  
lakid nang soldado nagtatakbo mandin  
at ang kamatayan di pinaninimdim.

Nang mag'talapat na ang dalawang hukbo  
kamukha'y buha'gin ang dami nang tao,  
ano'y sa matanaw ang mangakristiyano  
nangangahig mandin ang kamukhay aso.

At nang magkalapit ay nangaghamok na itong emperatriz siyang nangunguna, bulalakaw mandin ang siyang kapara pagpatay nang moro ay kagikla-gikla.

Si Paatinople nga ay gayun din naman ang balang matungo ay nangahahawan, bumaha nang dugó yaong kabu-dukan magkabi kabila nagkalat ang patáy.

Saka ang ginawa niyaong manga moro nagdalawang parte ang kanilang hukbó, emperador nila y iniwan sa kampo ang iba'y nagtuloy nasok sa imperyo.

Nang ito'y matanto nitong emperatriz ay si Pantinople pinauwing tikis, ang winika niya'y habu'ing magpilit yaong manga turkos na lilo't balawis.

Ay si Pantinople agad nuwi naman any kamukha'y hangin niyong katulinan, nang datnan ang moro'y nagsisalakay ang kuta't muralya'y siyang inasagaw.

Sampu nang infanta na si Doña Juana binihag nang moro at siya'y kinuha, buting kapalaran niya'y inabot pa ay ni Pantinopleng katapanga'y sadyá.

Dito'y pinagsiya katapanga'y lakás ay ni Pantinople sa pakikilamas, iyong manga turko'y nagsitakbong lahat ang natrang buháy ay pawang binihag.

Nang magkahinusay ay agad nagbalik at pinaninindim iyong emperatriz, ay si Doña Juana'y sumamang nagpilit at ibig makita ang sintang kapatid.

Dumating nga sila'y napapayapa na at ang emporador ay sumusuko na,

ano'y nang makita ay si Doña Juana  
nag-alab ang puso ni Doña Adriana.

Siniglan nang isang kapanibughuan  
dahil sa malaking dalang kaibigán,  
wika'y ayo Diyos kasama mo iyan  
bakit nakarating dito at naglakbay.

Ang kay Pantinopleng sagót sa kanya  
maghinahon ka po ó Doña Adriana,  
ito'y di ko sadya na ipinagsama  
sa kamay nang moro doon ko kinuha.

Sapagka nang ako'y pumasok sa reino  
kastilyo't muralya naagaw nang moro,  
siyang pag-aalab nang dalang galit ko  
ay aking pinatáy ang lahat nang turko.

Matapus ang gulo niyong kaharian  
nang mapayapa na at magkahinusay,  
nasok sa loob ko kita'y pagbalikan  
sinama na siya makita ka lamang.

Kaya ang wisa ko ikaw ma'y may galit  
kristal na dibdib mo'y dampiang tahimik,  
aling-alang na po pahrap mo't sakit  
sa yari mong hatol manga pagkaamis.

Poong mapag-ampon ang bahala'y ikaw  
yamang na sa iyo ang kapangyarihan,  
ipapatay mo man ay di sumusuway  
dati mo nang tanto yaring kalooban.

Mana'y nang maringig nitong emperatriz  
manga kahirapan nang sinta at ibis,  
parang winaswasan ang kaniyang dibdib  
manga kagalitan ay parang pinahid.

Pagdaka'y dinuló; at kinawit niya  
ang kanang kamay ko'y sa iyo talagá,  
pagtindig na Marteng aliw at ginhawa  
nagbata't nagtiis nang aking parusa.

Ani Pantinople princesang poon ko  
tabi't aabutin mahal na kamay mo,  
parang di nagdamlam yaring katawan ko  
sa diinaanang hirap nangyaring hatol mo.

Diaggin mo't nang ako'y doroon sa Isla  
sa yaring hatol mong aking tinalima,  
manga hayop doon nang ako'y makita  
pawang nagsisuko silang para para.

Manga nagpupuri sila't gumagalang  
sa aking pagdating doon at pagdatil,  
aking inihagis naman kapagkuwan  
espadang dalá ko at hawak sa kamay

Nagtaka ang aking puso't alwala  
biglang pagkahagis nang aking espada,  
nasor sa loob ko ito'y talaga na  
nang Diyos na Poon sa langit na gloria.

Pagtahan ko doon kung ilang nang buwan  
ubós na ang aking bastamentong taglay,  
talagá nang Diyos ako'y may natanaw  
isang bathel baga na lulutang-lutang.

Kapagkatanaw ko malayo-layo pa  
ako ay lumusong at nilangoy ko na,  
nang ako'y lumulan ay walang makita  
timón man ó gaod mahawakan baga.

Nang malulan ako pagdaka'y unuró  
ang hangin at ulán ay katakot-takot,  
malaking misterio talagá nang Diyos  
sinasakiyang bathel agad na lumubog.

Sa malubog ako'y anong masasapit  
taong pagugutom mababad sa tubig,  
inihain ko na sa Diyos sa langit  
kaluluwa't búhay sa gayong nasapit.

Dito na nanaghoy ako't tumawag na  
hamingi nang awa sa Diyos na Amá,

saka ko sinambit ngalan mong Adriana  
at gayon din naman ay si Doña Juana.

Sa tinaghoy-taghoy, dinaing daing ko  
sa yaring parusa sa akin'y bigay mo,  
ay kaalam alam may dalawang turko  
na siyang sumagip at binihag ako.

Tuloy pag ginapos ako't tinalian  
niyong mangga morong lilo at sukaban,  
bakit nangangawit ang dalawang kamay  
tuloy inauwi sa Turquiang bayan.

P.nag himas-himas ilang araw nila  
nang makalakad na ay binilanggo pa,  
baka raw magtanan ang akala nila  
ako sa Turqula umalis na sadya.

Nang mabilanggo na akong ilang linggo  
na-uli sa dati ang lakas, tapang ko,  
aking natsipan ay iginiba ko  
ang rehas na bakal at kárcel na bató.

Nang magiba ko ako'y lumabas na  
yaong alkaide humabol pagdaka,  
ulo'y hinampas ko nang hawak na reha  
uta ay sumabog namatay pagdaka.

M na'y nang makita niyong kasamahan  
karamhong tao'y lumabas pagkuwan,  
at ako'y kanilang pinagtutulungan  
napatay ko sila't bihira ang buháy.

Manang sa makita princesa Celima  
nagkalat ang patáy nang soldado niya,  
ako ay dinulog pinapanhik bago  
patawarin ko raw ang soldado niya.

Siyang pagkawala nang dalá kong galit  
dahil kay Celima mangga pamamanhik,  
ako ay inanyayahang sa torre ay manhik  
sumunod din ako sa pita niya't ibig.

Pagka kita niya't ako'y naroon na madla ang arugá sa aki'y anyaya, ako'y inaamong doon na matira hindi nabalino puso't loob бага.

Nang ako'y aayaw sa kaniy'y pumayag sa mauga arugá, anyaya't hikayat, ginawa'y kinuha't kaniyang ilinabas espadang pangat amá niyang liyag.

Kapagkakita ko'y nakilala ito palithasa'y akin at dating ari ko, lalo nang makita at mapagmalas ko na naleletrero gayak na ngalan ko.

Nang hinihingi ko'y aayaw ibigay sa amá raw niyang pinatugatan, ay aking sinaklót at biglang inagaw agad nagpagibik sa soldadong bantay.

Dumulog pagdaka tanang de la guardia at agad ginikban kanilang princesa, hinusob na ako't hinandulong nila napatay kong lahat at walang natira.

Siya kong pag-alis sa Turkiyang kalakhan tinungo kong agad ang Antioquia naman, nang ako'y dumating gayak nanga't taan torneo sa plaza handa nangang tanan.

O Doña Adriana na sinta't búhay ko ito ang nasapit pagsuod sa iyo, talagang kakamtan ang kamahalan mo at ako'y buháy pang naharap sa iyo.

Ang sa kay Adrianang sagot sa kanya mahal na príncipe sa sabi mo't ola, ay may isang sabing natandaan ko pa ang atáy ko't puso'y ginulo't balisa.

Ganito ang sabing aking natandaan espada aniya ay tangen sa kamay,

nang sa Isla Blanca ay doroon ikaw  
iyong inihagis kung saan dumatal.

At nang dumating ka dito sa Turquia  
nakilalang agad sa bunying princesa,  
ano't ang sabi mo anaki'y pábula  
talinghaga mandin na kataka-taka.

Sa kay Pantinop'eng sagot nga ay lito  
mahal na princesa yaon po'y totoo,  
ikinamamangha nang puso't loob mo,  
ang hiwagang iyon kung anong misterio.

Pag-uusap nila ay napapakinggan  
niyong emperador sa Turkiang bayan,  
tantong nagtataka sa sabing tuturan  
sa kay Pantinop'e manga pagsasaysay.

Buaying emperador napasintabi na  
nag-uusap sila'y sumagot pagdaka,  
baga man po't bihag nang mahal na reina  
ako'y pasagutin kung ga loob niya.

Kay Doña Adrianang sagot ay ganito  
bunying emperador tuloy ang sabi mo,  
anang Gran Sultan ngayon ay dinggin mo  
makinig po't aking tuturan sa inyo.

Nang isang tanghali ako'y kumakain  
sa real palasyo sa lamesang tambing,  
tanang grandes dute ay kasalo namih  
sampu ni Cellina princessang butihin.

Di kaginsa ginsa kami'y nahulugan  
nang isang espada na kung galing saan,  
dinampot kong bigla at aking tinangnan  
may letrerong gintó na nagsis'kinang.

Nang aking basahin ang gintong letrero  
wika'y Pantinop'le hintin kita dito,  
na huwag maliban tambing ganapin mo  
dini sa kalak-hang imperio nang Turko.

Samá nang loob ko'y aking iningatan  
sa aking nabasang sa puso ko'y subiyang,  
ang ipinag alab nang galit kong tangan  
ay hindi mabunot at kung anong bagay.

Sampung manga Sultán ay nagsi tulorg na  
nang pagbunot namin doon sa espada,  
ay hindi mahugot at kung ano baga  
dito na nag alab ang galit kong dalá.

Ang aking nabanta't naisip-isipan  
ang isang armada'y igayak pagkuwan,  
at aking hanapin na kahima't saan  
pagnasumpungan ko'y bihagin kong tunay.

Nang maigayak na aming ejército  
walang kabilangan ang samang soldado,  
lumakad na kami hinanap na dito  
mabunying príncipe ang kamahalan mo.

Sa aming paghanap di ka masumpungan  
at ikaw po pala'y na sa kahlrapan,  
di kaginsa ginsa ay nabalitaan  
plazang Antioquia may torneong laan.

Nang matanto namin ang bagay na ito  
dalang ejército'y doon itaungo,  
nang dumating doon pinaalok lok ako  
siya pong pagdating príncipeng giliw mo.

Sa mawika ito parang binubuhát  
si Doña Adriana nang pakikimatyang,  
at lab s nang tuwang sa puso'y iningat  
sa kay Pantinopleng sinta niya't liyag.

Pag-uusap nila dumating pagdaka  
ang padalang sulat princesa Celima,  
bunying emperador ay kapagkabasa  
ay naniwala na sa narinig niya.

Ang billa sa sulat ang wika'y ganito  
amang emperador na panginoon ko,



na kung mangyayari magbalik na kayo  
at puksa nang lahat ang ating soldado.

At si Pantinopleang inyong hinahanap  
ang dalawang sulta'y siyang nakabihag,  
ang loob nang kárcel biglang iniwalat  
binali't minunglay ang bakal na rehas.

Na ang ginawa pa nang llo't sukaban  
ay nang maubos na ang tao'y mapatay,  
umakyat sa torre't ako'y linooban  
espadang may letra'y kanyang inagaw.

Kapagkaabot ko ay binasang agad  
ang manga palamen ay nang matalastas,  
nang matanto niya't kanyang matatap  
ang tuwa nang puso ay di hamak-hamak.

Ano'y sa matanto ang ganoong bagay  
malaki ang tuwang kanyang kinamtan,  
at ang emperador biha'y nyang Sultan  
agad pinauwi sa kanyang bayan.

Nagpasalamat nga at sila'y nalis na  
itoang emperador umuwi sa Turkiya,  
at si Pantinople't ni Doña Adriana  
tuloy napakasal ay silang dalawa.

At sa pagkakasal agad pinutungan  
nang korona't cetro niyong imperyal,  
sa buong Antioquia nagsayá't nagdiwang  
at ang lahat niyang nangasasakupan.

Sari-saring laró ay ipinalabas  
iyong buong reino tuwa'y dili hamak,  
ang matanda't bata'y nagpapasalamat  
na sa haring bagong nagdaan nang hirap.

Di ko pag-aanhin ay nang matapos na  
manga katuwaang inihandóg nila,  
ay si Pantinople agad nabalisa  
na naala-ala ay ang kanyang ama.

Kaya ang wika ko ó sinta ko't kasi  
bunying emperatriz esposang umiwi,  
pahintulutan nga nang dengal mo't buti  
pakialaman ko amang nagkandili.

Malaon nang araw na aking naiwan  
itong aking amang kabutong magulang,  
hindi ko matanto kung patáy ó buháy  
ay siyang ibig ko na pakialaman.

Bakin doo'y walang ibang heredero  
na sukat magmana nang korona't cetro,  
at baka patáy na ang haring amá ko  
pagdating ko roon ay malaking guló.

Wika ni Adriana kung gayon aniya  
mag-gayak nang daong at ako'y sasama,  
manga vastamento'y ilulan pagdaka  
bukas ay aalis na walang pagsala.

Ano'y sa mahanda lumulan nang tambing  
kanilang sasakyan ay ipinalaot din,  
sabihin ang tulin ibon ang kahambing  
ayon at pataugot sila nga sa hangin.

Sabihin pa baga manga katulinan  
itong mag-azawaug pasa sa bienan,  
ang paglakad nila'y di lumaong araw.  
aplaya nang Francia kanilang nasabang.

Daong nang mapundo'y sabihin pa baga  
agad sinusuhan kanyon sa muralya,  
nang sa kastilyanong matanto pagdaka  
na si Pantinople sampu nang asawa.

Baga man ang hari palaging may sakit  
at di makabangon sa hihigang banig,  
ngalang Pantinople nang siyang masambit  
nagbangon pagdaka't kanilyang sinilip.

At tuloy nag-utos ay sa de la guardia  
ang lahat nang kanyon doon sa muralya.

pagsusuhang lahat ay nang artilyeria  
pagpapasalamat sa pagdating niya.

Yuong kumandante ay nag-utos naman  
iyon pagtipunin ang lahat nang mahal,  
mangagsisalubong hanigang sa doongan  
maghindog nang sayat manga katuwaan

At pawang tabingan lansangang lahat na  
nang mang damasko't sari saring tela,  
tanang yayapakan latagang lahat na  
sari saring rubi manga esmeralda.

Taan ngang konseho'y nag-ubos na lahat  
pawang sinalubong tuwa'y dili hamak,  
pagpupuri nila't pagpapasalamat  
sa principe bagang laong nawakawak.

Nang umahon sila'y nagkakaagapay  
ang kahalimbawa ang araw at buwan,  
di magtagiitan doon sa lansangan  
mukha ni Adriana'y hindi matitigan.

Sila nga'y mapanhi sa real palacio  
itong mag-asawa'y lumuhod na dito,  
si Adriana nama'y uning sinapupo  
ni akap nang haring bunying soberano.

Tuloy inaupo sa lakiokang silya  
at si Pantinople niyaka padaka,  
kasabay nalaglag ang luha sa mata  
ang tuwa nang puso'y walang makapara.

Anopa't nagsiksik sa palacio real  
ang lahat nang grandes pawang nagkapisan,  
sila'y para parang nangatitilihan  
mukha ni Adriana niyong karikitan.

Siyam na araw nga ang flestang sinawa  
ang reino nang Francia malaki ang tuwa,  
pawan naysasaya matanda at bata  
sari saring lero alay nilang madla.

At tuloy sinabi sa ama't sinaysay  
buhay na nasapit niya't dinaanan,  
ang tanang dorooong manga kamahalan  
pawang nagtataka't nagkakamamanghan-

Lalo nang sabihin nang malubog siya  
sa sinakyang bathel nilulanan niya,  
at sampu nang lahat na nasapit baga  
tumulo ang luha niyong kaniyang ama.

Sampu nang konseho na manga kuharap  
at ang reina naman na asawang liyang,  
pawang nasitangis sa malaking babag  
nasapit nang buhay nang priasipeng liyang,

Mana'y sa makita nang bunying monarka  
luha'y umaanod nang manugang niya,  
sa sila'y nagtindig inaliw pagdaka  
pahid na ang luha ó anak kong sinta

Sa malaking tuwa nang monarkang bantog  
ay ayang pang araw ang fiestang handog,  
puring pasalamat sa mag-Inang Diyos  
na sa pagkaligtas sa gayong peligros.

Ay niyong matapos ang manga ligalig  
si Pantinople nga'y sa ama'y lumapit,  
napaalam siya at kusang aalis  
doon sa Antioquia siya'y magbabalik.

Baga man ang loob nang hari masukal  
at di niya ibig na pahintulutan,  
di naman mangyari't ang kadahilanan  
ang malaking kargong kanilang iiwan.

Princesa Adriana lumapit pagdaka  
sa mahal na hari't dakilang monarka,  
dumulog pa daka at bumingi sila  
mahal na bendisyo't sila'y aalis na.

Nang magsi-uwi na at sila'y umalis  
haring ama nila ay malaking hapis,

di naman nalaon dumating sumapit  
aplayang Antioquia pangpang dalampasig.

Ano'y nang dumating sila sa pondohan  
kanyon sa muralya ay pinasusuhan,  
at sa hari nila'y pasalubong bilang  
sa monarkang bago na iginagalang,

Nang sila'y umahon sa reinong Antioquia  
agad sumalubong ang buyang infanta  
ang kaakbay niya'y grandes na lahat na  
sa real palasyo sila'y umuwi na,

At ang markes duke sampung consehero  
at ang madlang grandes manga kabalyero,  
pawang nagkatuwa sa real palasyo  
panaganot alay hari nilang bago.

Haring Pantinople hangga nang magtangan  
nang korona't cetro nitong imperial,  
ang ouong Antioquia laking katuwaa  
dunong magpasunod sa nasasakupan.

Itigil ko nga ang Historiang ito  
ang sa mag-asawa buhay naging dulo,  
ay ang naging hangga kawakasan nito  
ang Gloria nang Langit ang siyang tinamo.


---

KATAPUSAN.

---

1

2



# Imp. at Lib. ni P. Sayo Balo ni Soriano

Rosario 225 Binundok, Tel. 3099 S. Fernando 1008

Asarraga 552, Tundo, Maynila.

Ipinagbibili sa manga LIBRERIANG ito ang manga sumusunod na aklat sa wikang tagalog:

## Buhay ni Aladiao

, Alejandro at D. Luis  
, Almanzor  
, Arturo, Lauro at Rosallo  
, Amang si Jesus  
, Abeedario  
, Adan at ni Eva  
, Baldovino  
, Beatriz  
, Beata Maria  
, Bernarde Carpio  
, Bertong Laseng  
, Blanca Flor  
, Babaying Samaritana  
, Cabayong tabla  
, Celira  
, Conde Urbano  
, Grioida  
, Dama Inés  
, Dilubio Universal  
, D. a Marcela  
, D. Maria sa Ahas  
, Dece Pares  
, Dr. Jose Bizal  
, Dr. Jose Burgos  
, Dr. Diego at D. a Juana  
, Doncella Teodora  
, Diego de Marcilla  
, Edmundo  
, Eliseo at ni Felisa  
, Eliseo at Hortensio  
, Esopo  
, Benillo  
, Belisardo  
, Fieles Amantes  
, Florante at Laura  
, Florentina  
, Floriso  
, Gonzalo de Cerdeva

## Buhay ni Gunlas

, Graciano at ni Gaudencio  
, Huaran ng kalinisan ng puri  
, Haring Asuero  
, Calabaza  
, Saul at David  
, Salomon  
, Ibong Adarna  
, Isabela  
, Jacobina  
, Jaime del Prado  
, Jose Vendido  
, Margarita de Kortona  
, dalawangpu at dalawang Kuwento  
, Pagkaguhe ng Troya  
, Haring Clodoveo  
, Totlong Personas  
, Jose Flores  
, Juan Bachiller  
, Juan at Maria  
, Juan Patay  
, Juan Tifoso  
, Juan Tamad  
, Juan Labuyo  
, Leopoldo  
, Ludovico  
, Landas na tuntunin  
, Ligaya salanigt at Mundo  
, Manrique  
, Maria Merced  
, Redolfo  
, Rodrigo de Villas  
, Tablante de Ricamonte  
, Tomas at maria  
, Totoo at sinungaling  
, Urbana at ni Felisa  
, Villarba